Isinasagawa ang 16 patakarang nakatuon sa ilalim ng pangunahing direksiyon ng policy development (apat na haligi) upang makamit ang hinahangad na anyong inilarawan sa aming vision o pananaw.

**Hinahangad na anyo**

## Pagpapatupad ng "bayang kay ganda" na taglay ang lakas at iba't-ibang kaakit-akit na aspeto

### I
### Pagsiguro sa kaligtasan at seguridad

Kasabay ng paghahanda para sa mga kalamidad, isasagawa din ang pagpapabuti sa sistema ng pagbigay ng medical care sa araw-araw na kabuhayan, pagpigil sa krimen, pagprotekta sa kapaligiran, at iba pa upang protektahan ang buhay at pamumuhay ng mga mamamayan sa loob ng prepektura.

①Pag-iwas at pagbawas sa kalamidad / pagpapatibay sa mga lupain ng prepektura
②Medical care / nursing care / kalusugan
③Kaligtasan sa pamumuhay
④Kapaligiran



Mga hakbang laban sa tsunami at bagyo sa pamamagitan ng pagpapatibay sa mga pilapil, at iba pa



Pagsuporta sa operasyon ng medical helicopters para sa emerhensiya

### II
### Paglikha ng masiglang industriya at komunidad

Kasabay ng pagpapasigla sa komunidad sa pamamagitan ng pagtaguyod sa mga industriya tulad ng industriya ng paggawa, turismo, agrikultura, panggugubat, pangingisda at pakikipagtulungan sa mga munisipalidad upang muling pasiglahin ang rehiyon, isasagawa din ang pagpapaunlad sa mga imprastraktura na nagsisilbing pundasyon ng industriya at kabuhayan ng mga mamamayan pati ang pagsulong sa digital na teknolohiya.

⑤Pamamahagi sa mga turismo at kaakit-akit na aspeto
⑥Agrikultura / panggugubat / pangingisda
⑦Pagtaguyod sa mga industriya
⑧Pagpapabuti at pagpapanatili sa human resources
⑨Pagpapaunlad sa komunidad
⑩Pagtaguyod sa isang digital na lipunan
⑪Pundasyon ng transportasyon at pamumuhay



Pagsasanay sa trabaho sa kolehiyong pang-agrikultura




Pagbuo ng isang conservation system para sa Kumano Kodo Iseji Route

### III
### Pagsasakatuparan ng isang symbiotic society

Upang makamit ang layunin na magkaroon ng isang lipunan na kung saan iginagalang ang personalidad at abilidad ng bawat indibidwal, kung saan maaaring sumali at magkaroon ng aktibong papel sa lipunan, ipinagkakaloob ang suporta sa mga nahihirapan sa kabuhayan, pati pagbigay ng welfare services sa mga taong may kapansanan habang binibigyang pansin ang paggalang sa karapatang pantao.

⑫Karapatang pantao / pagkakaiba
⑬Welfare services



Ordinansa sa pagpapaunlad ng Mie Prefecture na nagbibigay-daan upang mamuhay nang ligtas at matiwasay ang sinuman sa pamamagitan ng pagkilala sa diversity o pagkakaiba ng kasarian



Hikikomori (pag-iwas sa lipunan) support forum

### IV
### Pagpapaunlad ng human resources sa pagbukas sa hinaharap

Upang hubugin ang henerasyong papasan sa kinabukasan ng Mie Prefecture, ipagkakaloob ang suporta sa pagpapalaki ng mga kabataan sa pamamagitan ng edukasyon at pagpigil sa pang-aabuso, at kung hinahangad ay suporta sa pagpapakasal, pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng bata, habang itinataguyod ang pagpapaunlad sa komunidad sa pamamagitan ng kultura at sports.

⑭Edukasyon
⑮Kabataan
⑯Kultura / sports



Klase na gumagamit ng ICT (information and communication technology)



Photo contest ng mga amang nagpapalaki ng bata

**Pangunahing paninindigan o posisyon sa pangangasiwa ng prepektura**

- Pangangasiwa ng prepektura base sa tiwala ng mga mamamayan
- Pangangasiwa ng prepektura na nakatuon sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mamamayan
- Pangangasiwa ng prepektura sa pakikipagtulungan sa iba't-ibang ahensiya



**Binuod na bersiyon**

Malawakang plano para sa Mie Prefecture (itinatag noong Oktubre 2022)


# "Pananaw ng Mie - Bayang matatag at kay ganda"
# "Plano sa pagpapasigla sa Mie"

Sang-ayon sa bagong malawakang plano, ang nangungunang prayoridad ay ang pagprotekta sa buhay ng mga residente ng prepektura laban sa mga kalamidad at iba pang kapahamakan, at kasabay nito ay itataguyod ang mga gawaing nakatuon sa pagprotekta at pag-alaga sa kapakanan ng mga kabataang mamumuno sa bayan sa hinaharap. Bukod pa rito, upang magawang suportahan ang masaganang kabuhayan ng mga residente ng prepektura, itataguyod ang pagpapalawak at pagpapabuti sa industriya ng turismo, paggawa, agrikultura, panggugubat, pangingisda, pati pagpapatupad sa mga hakbang upang siguruhing matugunan o mabigyang lunas ang pagbaba ng populasyon.

Kasabay ng mga residente ng prepektura, lilikha ng isang moderno at "bayang kay ganda" kung saan magkakaroon ito ng panibagong halaga na magbibigay-daan sa pagpapabuti at pag-usbong ng rehiyon.

ICHIMI Katsuyuki
Gobernador ng Mie Prefecture
Oktubre 2022

### Kaugnayan ng "Pananaw ng Mie - Bayang matatag at kay ganda" at "Plano sa pagpapasigla sa Mie"




**Pananaw ng Mie - Bayang matatag at kay ganda**

Isang pangmatagalang plano para sa prepektura na naglalarawan sa pangunahing paninindigan o posisyon sa pangangasiwa ng prepektura at ang direksiyon ng policy development na nakatuon sa halos sampung taon sa hinaharap.

## Pangunahing pilosopiya: Hinahangad na makamit sa susunod na sampung taon

Patungo sa paglikha ng panibagong Mie, isasagawa ang pagtugon sa mga panganib na bumabagabag sa rehiyon tulad ng pagkakaroon ng malawakang natural na kalamidad, patuloy na pagbaba ng populasyon, at iba pang mga suliranin, at samantalahin ang pagkakataong gawin ang mga hakbang para sa carbon neutrality at pagbuo ng isang digital na lipunan, at pagdugtungin ang mga ito sa pagpapabuti sa prepektura ng Mie.

Sa dahilang ito, masugid na itinataguyod ang mga gawaing nakatuon sa pagprotekta sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayan ng prepektura, at pakinabangan ang taglay na lakas at galing ng Mie, tulad ng mga kaakit-akit na yamang panturismo at kapaligiran ng lokasyon nito sa pamamagitan ng pagtaguyod sa pagpapabuti sa network ng mga kalsada at sa gayon ay gawin itong "Mie Prefecture na pipiliin" ng lahat.

Sa pagtaguyod sa mga gawaing ito sa pakikipagtulungan sa iba't-ibang ahensiya tulad ng mga munisipalidad, mga kompanya, organisasyon at mga NPO, inaasahang magkakaroon ng sigla at saya, kaligtasan at seguridad sa paninirahan ng lahat ng mga mamamayan pati sa susunod na henerasyon, at magkaroon ng pag-asa para sa hinaharap. Inaasahang makamit ang layunin na maging isang sustainable region ang Mie, na masasabi nating isang "[bayang kay ganda] na taglay ang lakas at iba't-ibang kaakit-akit na aspeto".

[Para sa mga katanungan] Planning Division, Strategic Planning Department, Mie Prefecture
Telepono: 059-224-2025
FAX: 059-224-2069
Mail: kikakuk@pref.mie.lg.jp

Maaaring hanapin ang karagdagang impormasyon tungkol sa pananaw (vision) at plano sa website ng Mie Prefecture. ⇒⇒⇒⇒⇒⇒ Japanese text lang
https://www.pref.mie.lg.jp/VISION/index.htm

# Plano sa pagpapasigla sa Mie

Limang taong medium-term na strategic plan mula sa fiscal year 2022 hanggang sa 2026, kung saan nakabuod ang nilalaman ng mga inisyatibong itinataguyod sa pagsasakatuparan sa mga pangunahing pilosopiya itinatag sa pananaw o vision ng prepektura.

◆Ang nilalaman ng limang taon na inisyatibong isinasagawa ng prepektura ay sistematikong isinaayos sa 56 hakbang base sa 16 patakarang nakalarawan sa "Pananaw ng Mie - Bayang matatag at kay ganda".

◆Nakasulat ang layunin para sa bawat hakbang, kasalukuyang sitwasyon at mga problema, direksiyon ng inisyatibo (pangunahing programa), at KPI (Key Performance Indicator).

## 7 hamon ng Plano sa pagpapasigla sa Mie

Itinakda ang sumusunod na "7 hamon ng Plano sa pagpapasigla sa Mie" upang makuha ang mga isyu o bagay na kinakailangan ng karagdagang pagsisikap sa susunod na limang taon, at upang masigasig at determinadong matugunan ang mga ito. Ipinapakilala dito ang ilan sa mga direksiyon ng mga pagsisikap na isinasagawa.

### 1. Pagpigil at pagbawas sa mga kalamidad dala ng malawakang paglindol / pagpapabilis at pagpapalalim sa mga hakbang ukol sa pagpapalakas sa mga lupain ng prepektura

Bilang paghahanda para sa isang malawakang kalamidad tulad ng Nankai Trough earthquake at mga pinsalang dala ng madalas at matinding pag-ulan, sisikaping itaguyod nang husto ang mga hakbang upang maiwasan o mabawasan ang mga ito mula sa punto ng soft / hard na aspeto.

<Pagtaguyod sa human resource development at hardware maintenance sa normal na panahon>
- Pagtaguyod sa pagpapabuti ng next-generation human resource bilang paghahanda para sa kalamidad
- Pagpapatibay sa mga imprastraktura laban sa lindol, at paggawa ng mga hakbang para sa mga lumang istraktura



<Pagligtas, at paglisan>
- Pagpapatupad sa malawakang pagsasanay sa pakikipagtulungan sa pambansang pamahalaan, mga munisipalidad, at mga organisasyong kaugnay sa disaster prevention
- Pagtaguyod sa maintenance o pagpapanatili ng mga pansamantalang pasilidad na gagamitin sa paglisan sa mga lugar na kung saan posibleng magkaroon ng pagbaha dala ng tsunami

<Restorasyon>
- Pagsiguro sa pagkakaroon ng mga transportasyong gagamitin sa emerhensiya at delivery network sa oras na magkaroon ng kalamidad, pagtaguyod sa mabilis na pagproseso ng mga basura mula sa kalamidad

### 2. Pagtugon sa impeksiyon mula sa COVID-19 at iba pa

Ibabahagi at ipapasa sa kaugnay na mga institusyon, organisasyon, at iba pa ang karanasang nakuha mula sa mga hakbang na isinagawa laban sa impeksiyong dulot ng COVID-19, at maghahanda para sa mga bagong mutant strains at mga nakakahawang sakit.

<Paghahanda para sa mga nakakahawang sakit>
- Pagpapatupad sa mga hakbang laban sa mga nakakahawang sakit base sa opinyon ng mga dalubhasa
- Pagtatag ng sistema ng pagbigay ng medical care, pagsusuri at iba pa bilang paghahanda para sa pagkakaroon ng mga bagong sakit na nakakahawa

<Pagtugon sa mga epektong dulot sa mga aktibidad sa lipunan at ekonomiya>
- Pagpapatupad sa suporta para sa mga nangangasiwa ng kalakal sa loob ng prepektura base sa "patuloy na pagkalakal, pagpapanatili at pagseguro sa mga trabaho", "pag-ahon sa mga aktibidad sa ekonomiya", at "pagtugon sa mga kondisyong panlipunan at pang-ekonomiya"
- Pagpapatupad sa suporta kaugnay sa konsultasyon para sa araw-araw na kabuhayan, tulad ng pagseguro at pagpapatibay sa mga sistema para sa iba't-ibang konsultasyon, at iba pa

### 3. Pagtaguyod sa turismo kung saan naipapalabas ang ganda ng Mie

Upang lumikha ng isang patuloy o sustainable na destinasyong panturismo na madali para sa mga biyahero, mga nangangasiwa ng kalakal, at mga residente sa lokalidad, itataguyod ang turismo sa prepektura ng Mie kung saan naipapakita ang malawakang lakas ng rehiyon.

<Pagtaguyod sa strategic tourism attraction>
- Pagtaguyod sa tourism marketing sa pamamagitan ng pagkulekta at pagsusuri ng data o impormasyon ng mga turista
- Paggamit sa media, SNS at iba pa upang patibayin o pabutihin ang promosyon para sa lokal at internasyonal na turismo



<Paggawa sa destinasyong panturismo na may mataas na kalidad>
- Pagpapabuti sa contents at serbisyo sa pagtaguyod ng base-stay-type tourism, tulad ng pag-ungkat sa mga yaman o resources ng rehiyon
- Pagpapabuti sa environment o lagay sa pagtanggap ng mga turista, tulad ng suporta sa pagsasaayos sa mga pasilidad kung saan lalagi, pagpapabuti sa human resource sa industriya ng turismo, at iba pa

### 4. Pagtaguyod sa mga industriya na nakakakita ng oportunidad o tsansa sa decarbonization

Isasagawa ang proyektong "Zero Emission Mie" upang maidugtong ang mga pagsisikap patungo sa pagsasakatuparan ng carbon neutrality, kung saan ang nailalabas na $CO_2$ sa atmospera ay halos zero, kabilang sa pagpapabuti ng industriya at ekonomiya.

<Halimbawa sa pagpapatupad ng proyektong "Zero Emission Mie" >
- Suporta para sa small/medium-size na nangangasiwa ng kalakal kaugnay sa paglipat patungo sa EV (electric vehicle), at iba pa
- Pagtaguyod sa paggamit ng hydrogen, fuel ammonia, at iba pa sa Yokkaichi Industrial Complex
- Pagpaplano sa pagbawas sa inilalabas na $CO_2$ sa mga piyer o daungan sa prepektura
- Pagtaguyod sa pagpapakilala sa mga renewable energy tulad ng energy power generation sa dagat, at iba pa
- Pagtaguyod sa pagpapabuti sa teknolohiya kaugnay sa pag-recycle ng mga solar power panels at plastics sa pagtaguyod sa muling paggamit ng mga bagay o cyclical use
- Pagtaguyod sa epektibong paggamit ng J-credits, at iba pa, para itaguyod ang pagpapanatili sa kagubatan, at paglikha ng mga seaweed beds, at iba pa





### 5. Pagtaguyod sa mga inisyatibong nakatuon sa pagsasakatuparan ng isang digital na lipunan

Isasagawa ang mga pagbabago sa "Plano sa pagsulong ng digitalization sa Mie pamamagitan ng estratehiya" sa loob ng taong 2022 at itataguyod ang "Humane DX" na nagpapatupad sa kagustuhan ng mga mamamayan ng prepektura.



<Promosyon ng DX sa lipunan>
- Paglikha ng momentum sa pagpapatupad ng DX at pagtaguyod sa mga inisyatibo ng bawat ahensiya
- Pagtanggal ng puwang sa impormasyon at pabutihin ang human resources upan suportahan ang DX sa pakikipagtulungan sa iba't-ibang ahensiya
- Paglikha at pagsuporta sa paglago ng mga start-ups na may layuning lutasin ang mga suliranin sa rehiyon at lipunan

<Promosyon ng DX sa pamahalaan>
- Isagawa ang digitalization ng mga proseso ng pangangasiwa sa pamahalaan, paglikha ng mga serbisyo gamit ang data, pagtaguyod ng DX sa mga munisipalidad
- Pagseguro at pagsasanay sa human resources upang suportahan ang DX sa mga tanggapan ng prepektura, pagpapabuti sa imprastraktura

*DX (Digital Transformation): Paggamit ng digital technology upang mabawasan ang oras, magkaroon ng dagdag na halaga, at gawing mas madali ang trabaho at kabuhayan.

### 6. Pagpapahusay sa suporta at edukasyon ng mga bata at kabataang mamumuno sa susunod na henerasyon

Susuportahan ang mga kabataan na magiging responsable para sa prepektura sa hinaharap upang lumaki bilang isang indibidwal kahit anuman ang kapaligiran na kung saan isinilang at lumaki. Bukod pa rito, itataguyod ang edukasyon na nagbibigay-daan para magkaroon ng positibong tanaw sa sarili at kusa para ipagpatuloy ang pag-aaral.



<Pagpapabuti sa suporta>
- Pagtaguyod sa mga hakbang upang bigyang lunas ang child poverty o kahirapan sa mga kabataan, sa pamamagitan ng pagbigay ng suporta sa pag-aaral sa pakikipagtulungan sa lokal na komunidad, mga kompanya, at organisasyon, pati pagbigay ng suporta sa trabaho para sa single-parent family
- Pagpapatibay sa mga pagsisikap na nakatuon sa pagpigil sa pang-aabuso sa kabataan, tulad ng pagpapabuti sa kakayahan sa pagtugon sa pang-aabuso sa kabataan gamit ang AI technology, at pagpapabuti sa sistema ng child consultation sa pagpapahusay sa mga espesyalista

<Pagpapabuti sa edukasyon>
- Pagtaguyod sa career education sang-ayon sa development stage, tulad ng edukasyon sa high school na nagbibigay-daan sa mga independente o self-reliant na mga mag-aaral na masaganang namumuhay sa sariling paraan sa isang lipunang patuloy na nagbabago
- Pagtataguyod sa edukasyon na naghihimok sa mga kabataan na pabutihin ang sariling abilidad at potensyal nang walang pag-aalala, tulad ng pagpapahusay sa suporta para sa iba't-ibang needs o pangangailangan sa edukasyon, tulad ng mga nangangailangan ng espesyal na suporta o mga kabataang hindi magawang pumasok sa paaralan
- Paglikha ng isang ligtas na learning environment, tulad ng pagpapabuti sa sistema ng konsultasyon at suporta laban sa pang-aapi o bullying, pagtaguyod sa maagap at maaasahang pagtugon, at iba pa

### 7. Malawakang pagtugon sa pagbaba ng populasyon

Ang malawakang pagtugon sa problema ng pagbaba ng populasyon sa lahat ng kawani ng mga ahensiya ng pamahalaan ng prepektura ay nagbibigay-daan para magkaroon ng self-reliance at sustainable development sa rehiyon.

<Pagtaguyod sa mga hakbang sa pagtugon sa natural na pagbabawas>
- Pagtaguyod sa mga inisyatibong isinasagawa upang suportahan ang paghahanap ng kapareha, at alisin ang mga pag-aalala tungkol sa pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng bata



(Migration briefing)

<Pagtaguyod sa mga hakbang laban sa paghina ng lipunan o social decline>
- Promosyon ng bawat industriya sa pagseguro at paglikha ng oportunidad sa pagtrabaho
- Pagpapabuti sa konsultasyon at pamamahagi ng impormasyon para sa mga nagnanais na lumipat sa ibang lugar, at patibayin ang mga hakbang para sa pagbabalik o pag U-turn ng mga kabataan

<Pagtugon sa epektong dulot ng pagbaba ng populasyon>
- Pagtaguyod sa mga inisyatibong nakatuon sa pagpapalawak sa populasyong kaugnay sa Mie, tulad ng pagtaguyod sa workcations at revitalization o muling pagpapasigla ng rehiyon sa pamamagitan ng human resources mula sa labas tulad ng mga boluntaryong kaugnay sa revitalization ng rehiyon

<Malawakang pagtaguyod sa mga hakbang na tumutugon sa pagbaba ng populasyon>
- Pagtaguyod sa mga hakbang sa pakikipagtulungan sa mga munisipalidad sa pamamagitan ng "Mie Depopulation Countermeasures Coordination Council"
- Pagtatag sa "Mie Prefecture Population Decline Measures Policy" (pansamantalang pangalan), na naglalarawan sa direksiyon ng mga pagsisikap na isinasagawa ng prepektura sa pagtugon sa pagbaba ng populasyon